**ANG PAUNANG ABISONG ITO AY NAKAAAPEKTO SA IYONG MGA KARAPATANG LEGAL, PAKIBASA ITO NANG MABUTI.**

*Jacinto Gomez Ovando et al v. Mountaire Farms Inc., et al.*
United States District Court for the Eastern District of North Carolina,
Civil Action No. 7:23-cv-00004-M-RJ

## PAUNAWA NG IPINAPANUKALANG KASUNDUAN SA CLASS AT COLLECTIVE-ACTION NA SETTLEMENT

To:

<<EmployeeName>>
<<Address1>> <<Address2>>
<<City>>, <<State>> <<Zip>>

Re:

Pag-aareglo ng mga claims para sa mga empleyadong nagtrabaho sa Mountaire Farms Inc. at Mountaire Farms of North Carolina Corp. ("Mountaire" o "Mga Inirereklamo") sa mga pasilidad ng pagpoproseso ng manok ng Mountaire sa North Carolina bilang mga empleyadong hindi saklaw ng exemption sa chicken processing, kaugnay ng umano'y hindi nabayarang sahod laban sa Mountaire.

***Apektado ang iyong mga karapatang legal kahit ikaw ay kumilos o hindi.*** Ang iyong mga opsyon ay ipinaliwanag sa ibaba.

| **BUOD NG MGA KARAPATANG LEGAL AT MGA OPSYON SA KASUNDUANG ITO:** | |
|---|---|
| **MAGPASA NG CLAIM FORM** | Upang makatanggap ng bayad mula sa kasunduang ito, kailangan mong ganap na punan ang claim form na kasama sa Paunawang ito at isauli ito sa Settlement Administrator ayon sa itinakdang paraan. Ikaw ay mapapasailalim sa pagpapalaya ng mga claims sa ilalim ng Fair Labor Standards Act ("FLSA") at North Carolina Wage and Hour Act ("NCWHA") na ipinaliliwanag sa ibaba, at tatalikuran mo ang karapatang magsampa ng hiwalay na kaso laban sa Mountaire at sa mga inilalahok sa pagpapalaya para sa mga claims na sakop ng pagpapalayang ito.<br><br>Dapat mong isauli ang nakalakip na claim form bago o sa **October 1, 2025** upang makatanggap ng bayad mula sa kasunduang ito. |
| **HUWAG GUMAWA NG ANUMAN** | Kung wala kang gagawin at *hindi* mo isauli ang claim form, *hindi* ka makakatanggap ng bayad mula sa kasunduan, ngunit tatalikuran mo pa rin ang anumang mga claims na maaaring mayroon ka sa ilalim ng NCWHA. Gayunpaman, hindi mo tatalikuran ang anumang mga claims sa ilalim ng FLSA. Ang tanging pagbubukod dito ay kung dati ka nang nagsumite ng pahintulot na sumali sa kasong *Jacinto Gomez Ovando et al v. Mountaire Farms, Inc., et al.*, CA No.: 7:23-cv-00004-M-RJ. Kung nagsumite ka ng pahintulot na sumali sa kasong *Jacinto Gomez Ovando et al v. Mountaire Farms, Inc., et al.*, CA No.: 7:23-cv-00004-M-RJ, hindi mo kailangang magsumite ng claim form upang mapasama sa kasunduang ito. |
| **IBUKOD ANG IYONG SARILI SA KASUNDUAN** | Kung ayaw mong lumahok sa Kasunduang ito, maaari mong ibukod ang iyong sarili sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tagubilin sa Seksyon 14 sa ibaba. Kung maghahain ka ng kahilingan para sa pagbubukod, huwag magsumite ng Claim Form.<br><br>Tanging ang mga indibidwal na nagbukod ng kanilang sarili ang mananatiling may karapatang magsampa ng sarili nilang kaso o claims sa ilalim ng NCWHA sa hinaharap. Ang mga indibidwal na humiling ng pagbubukod ay hindi isasama sa pagpapalaya ng anumang mga claims sa ilalim ng NCWHA bilang bahagi ng Kasunduang ito, ngunit hindi rin sila makakatanggap ng anumang kabayarang pinansyal mula sa Kasunduang ito. |
| **TUMUTOL** | Kung ikaw ay naging empleyado ng Mountaire sa isa sa mga pasilidad nito sa North Carolina para sa pagpoproseso ng manok bilang isang non-exempt na empleyado sa chicken processing anumang oras mula Enero 10, 2020 hanggang Disyembre 20, 2024, at hindi mo ibinukod ang iyong sarili ayon sa mga tagubilin sa Seksyon 14 sa ibaba, maaari kang sumulat sa Hukuman upang ipahayag kung bakit ka tumututol sa Kasunduang ito. |

**Ang mga Karapatang ito at mga Opsyon – At ang mga Takdang Panahon upang Gamitin ang mga Ito – Ay Ipinaliliwanag sa Paunawang ito.**

## PANIMULA

Pansamantalang inaprubahan ng Hukuman ang isang ipinanukalang Kasunduan sa kasong ito. Ito ay isang paunawang pinahintulutan ng Hukuman. Hindi ito isang alok mula sa isang abogado.

Ang tinatayang halaga ng iyong kabayaran mula sa kasunduan (kung pipiliin mong lumahok) ay maaaring malaman sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Settlement Administrator. Makikita sa ibaba ang kanilang impormasyon sa pakikipag-ugnayan. Ang mga kabayaran ay ipagkakaloob sa mga indibidwal na magsusumite ng claim form, kapag inaprubahan ng Hukuman ang Kasunduan at matapos maresolba ang anumang apela.

Natanggap mo ang Paunawang ito dahil ipinapakita sa mga talaan na ikaw ay naging empleyado ng Mountaire sa isa sa mga pasilidad nito sa North Carolina para sa pagpoproseso ng manok bilang isang non-exempt na empleyado anumang oras mula Enero 10, 2020 hanggang Disyembre 20, 2024.

## PANGKALAHATANG IMPORMASYON

### 1. Para Saan ang Kasong Ito?

Noong Enero 10, 2023, sina Jacinto Gomez Ovando at Maria del Carmen Peralta Baeza (sama-sama, ang "Mga Pinangalanang Nagsasakdal"), sa ngalan ng kanilang sarili at ng iba pang sinasabing nasa kaparehong kalagayan na mga empleyado, ay nagsampa ng kaso laban sa Mountaire. Inaangkin nila na nabigong bayaran ng Mountaire ang lahat ng oras na kanilang trinabaho at hindi rin sila nabayaran nang tama para sa kanilang mga karapat-dapat na overtime, na lumalabag umano sa pederal na Fair Labor Standards Act (FLSA) at sa North Carolina Wage and Hour Act (NCWHA). Ayon pa sa mga Nagsasakdal, ang ilang kaltas sa suweldo para sa personal protective equipment at pagbili ng manok ay ilegal.

Mariing itinatanggi ng Mountaire ang mga paratang ng Mga Pinangalanang Nagsasakdal na ito ay lumabag sa FLSA o NCWHA, o nabigong bayaran nang tama ang kanilang mga empleyado para sa lahat ng oras na trinabaho at sa mga overtime na inaangkin. Mariin din nilang itinatanggi na sila ay may pananagutan sa anumang kalagayan. Gayunman, nang hindi umaamin ng anumang pananagutan, pumayag ang Mountaire na ayusin ang mga claims upang maiwasan ang karagdagang paglilitis.

Hindi pa nagpapasya ang Hukuman pabor sa alinmang panig sa kasong ito. Gayunman, iminungkahi ng dalawang panig ang isang kasunduan upang tapusin ang kaso nang walang pag-amin ng anumang pagkakamali o pananagutan, at pinahintulutan ng Hukuman ang pagpapalabas ng paunawa tungkol sa nasabing ipinanukalang kasunduan para sa mga maaaring kuwalipikadong lumahok dito.

### 2. Ano ang "Collective Action," Ano ang "Class Action," at Sino ang Kasama sa mga Ito?

Sa ilalim ng FLSA, kung magpasya ang hukuman na ang isang kaso ay dapat tratuhin bilang isang "collective action," maaaring magsampa ng paghahabol ang isang grupo ng mga indibidwal na "nasa magkatulad na kalagayan" upang mabawi ang hindi nabayarang overtime at iba pang kaugnay na danyos. Sa isang collective action, ang mga indibidwal na sumali sa kaso sa pamamagitan ng pagsusumite ng pahintulot na lumahok ay nagiging bahagi ng kaso bilang mga "kabilang na nagsasakdal sa kaso" (party-plaintiffs). Sila ay tinatawag minsan bilang "mga nagsumite ng pahintulot na sumali" (opt-in plaintiffs). Ang mga indibidwal na nagsimula ng kaso, na tinutukoy bilang "mga pinangalanang nagsasakdal" (named plaintiffs), ay nagsasampa ng kaso sa ngalan ng kanilang sarili at ng iba pang pinaniniwalaang may katulad na mga claims at maaaring pumayag na lumahok sa kaso.

Ang ganitong uri ng "opt-in" collective action ay naiiba sa mas kilalang "class action," kung saan hindi kinakailangang magsumite ng nakasulat na pahintulot upang lumahok ang mga kalahok. Sa isang class action, ang "mga pinangalanang nagsasakdal" ay nagsasampa ng kaso sa ngalan ng lahat ng indibidwal na kabilang sa isang itinakdang grupo o "class". Kapag nagpasya ang hukuman na ang kaso ay dapat ituring bilang isang "class action", awtomatikong nagiging mga "class members" ang lahat ng nasa loob ng itinakdang grupo, maliban na lamang kung magsumite sila ng nakasulat na kahilingan sa hukuman upang maibukod ang kanilang sarili. Sa mga pederal na hukuman, ang mga ganitong kaso ay minsang tinutukoy bilang "Rule 23" class actions.

Ang mga Pinangalanang Nagsasakdal sa kasong ito – sina Jacinto Gomez Ovando at Maria del Carmen Peralta Baeza – ay nagsampa ng kasong ito bilang parehong collective action sa ilalim ng FLSA at class action sa ilalim ng batas ng estado ng North Carolina. Ang ipinanukalang collective action sa ilalim ng FLSA ay sasaklaw sa lahat ng non-exempt na empleyado sa pagpoproseso ng manok na nagtrabaho sa Mountaire sa alinmang pasilidad nito sa North Carolina anumang oras mula Enero 10, 2020 hanggang Disyembre 20, 2024, at sumali sa kasong ito sa pamamagitan ng pagsusumite ng nakasulat na pahintulot sa Hukuman. Dagdag pa rito, ang mga Nagsasakdal ay humiling na magsampa ng isang class action sa ilalim ng batas ng estado ng North Carolina para sa isang class ng lahat ng non-exempt na empleyado sa pagpoproseso ng manok na nagtrabaho sa Mountaire sa alinmang pasilidad nito sa North Carolina anumang oras mula Enero 10, 2020 hanggang Disyembre 20, 2024.

Sa parehong uri ng kaso, maaaring hilingin ng mga pinangalanang nagsasakdal sa hukuman na kilalanin ang kaso bilang isang class at/o collective action. Kapag pinayagan ito ng hukuman, ang parehong hukuman ang magpapasya sa mga isyu ng kaso para sa lahat ng posibleng nagsumite ng pahintulot na sumali at mga class members. Ang U.S. District Court para sa Eastern District ng North Carolina ang may hurisdiksiyon sa ipinanukalang collective at class action na ito. Para sa layunin ng Kasunduang ito, pansamantalang kinilala ng Hukuman ang class at collective action ng mga Pinangalanang Nagsasakdal para lamang sa layunin ng kasunduan, at pinahintulutan ang pagpapadala ng paunawa sa mga kuwalipikadong miyembro ng collective/class bago magpasya ang Hukuman kung bibigyan ng pinal na pag-apruba ang Kasunduan.

## 3. Sino ang Kasama sa Ipinapanukalang Kasunduan?

Kinilala ng Hukuman ang sumusunod na collective/class, na nangangahulugang ang mga grupong ito ay maaaring makatanggap ng kabayaran mula sa kasunduan kung isasauli nila ang nakalakip na Claim Form:

a) **Mga Miyembro ng FLSA Collective**: Lahat ng non-exempt na empleyado sa pagpoproseso ng manok na nagtrabaho sa Mountaire sa alinman sa mga pasilidad nito sa North Carolina para sa pagpoproseso ng manok anumang oras mula Enero 10, 2020 hanggang Disyembre 20, 2024.

b) **Mga Miyembro ng Rule 23 Settlement Class**: Lahat ng non-exempt na empleyado sa pagpoproseso ng manok na nagtrabaho sa Mountaire sa alinman sa mga pasilidad nito sa North Carolina para sa pagpoproseso ng manok anumang oras mula Enero 10, 2020 hanggang Disyembre 20, 2024.

## 4. Kailangan Ko Bang Magsumite ng Claim Form?

Kung ikaw ay kuwalipikadong lumahok sa kasunduan at nais mong makibahagi dito, kailangan mong magsumite nang nasa tamang oras ng nakalakip na Claim Form sa Settlement Administrator sa pamamagitan ng koreo ng U.S. Mail, na may petsang selyo ng koreo (postmarked) na hindi lalampas sa October 1, 2025.

Kung dati ka nang nagsumite ng consent to join form sa kasong *Jacinto Gomez Ovando et al v. Mountaire Farms, Inc., et al.*, CA No.: 7:23-cv-00004-M-RJ), hindi mo na kailangang magsumite ng Claim Form upang makibahagi sa kasunduang ito.

## MGA BENEPISYO NG KASUNDUAN – ANG IYONG MAKUKUHA AT ANG IYONG ISINUSUKO

## 5. Ano ang mga Benepisyo at mga Kondisyon ng Kasunduan?

Ang dalawang panig ay nagkasundo sa isang kabuuang halaga ng kasunduan na $7,260,000 ("Kabuuang Halaga ng Kasunduan") na sumasaklaw sa lahat ng umano'y hindi nabayarang sahod, regular na oras ng trabaho, bayad para sa overtime, liquidated damages, interes, bayad sa mga abogado ng Class Counsel, mga gastusin, Service Awards para sa mga Pinangalanang Nagsasakdal, gastusin para sa pamamahala ng Kasunduan, at lahat ng iba pang bayad at gastos na kaugnay ng kasunduan.

Magkakaroon ng isang pagdinig para sa pinal na pag-apruba ng Kasunduan ("Pagdinig para sa Pinal na Pag-apruba"). Kung aprubahan ng Hukuman ang Kasunduan, at ikaw ay nagsumite nang tama at nasa takdang oras ng Claim Form, makakatanggap ka ng bayad mula sa kasunduan. Kung makatanggap ka ng bayad, ikaw ang may pananagutan sa pagbabayad ng anumang buwis sa kita na maaaring kaugnay nito.

Pagkatapos ibawas mula sa Kabuuang Halaga ng Kasunduan ang mga pinahintulutang bayad, gastos, at honoraria ng mga abogado ng Class Counsel, anumang Service Awards na pinahintulutan para sa Mga Pinangalanang Nagsasakdal, at ang gastusin sa pamamahala ng kasunduan, ang natitirang halaga ("Netong Halaga ng Kasunduan") ay ipapamahagi sa lahat ng Kuwalipikadong Miyembro ng Settlement Class. Ang halagang matatanggap ng bawat indibidwal ay ibabatay sa pagsusuri ng

Class Counsel sa mga talaang ibinigay ng mga Inirereklamo ("Indibidwal na Tinatayang Halaga ng Kasunduan"). Ang bawat kuwalipikadong indibidwal na nagsumite nang nasa oras ng balidong claim form ay makakatanggap ng kani-kanilang bahagi sa Netong Halaga ng Kasunduan ("Indibidwal na Bayad mula sa Kasunduan"). Ang mga Indibidwal na Bayad mula sa Kasunduan ay ibibigay lamang sa mga taong nagsumite ng balidong claim form sa takdang panahon. Ang proseso ng pamamahagi ng kabayaran ay pamamahalaan ng isang independyente at ikatlong panig na settlement administrator na aprubado at itinalaga ng Hukuman.

Kung ang mga kuwalipikadong indibidwal ay hindi magsusumite ng claim form sa takdang panahon (maliban sa mga naunang sumali na), ang bahagi ng kasunduan na nakalaan para sa kanila ay hindi na babayaran, at ang kabuuang halaga ng kasunduan ay bababa. Anumang halaga na hindi makuha mula sa bahagi ng kasunduan na nakalaan sa sinumang nagbukod ng kanilang sarili mula sa kasunduan ay mananatiling pagmamay-ari ng Mountaire at hindi isasama sa bayad na ibinibigay ng Mountaire sa settlement administrator.

## 6. Anong mga Claims ang Aking Isinusuko kung Ako ay Mananatili o Lalahok sa Kasunduan?

Kung ikaw ay lalahok sa kasunduan at/o hindi magsusumite ng kahilingan upang ibukod ang iyong sarili mula sa kasunduan, isasagawa mo ang pagsuko sa ilang partikular na claims.

Ang bawat Miyembro ng Rule 23 Settlement Class na hindi nagpaabot ng pagbubukod sa takdang panahon, at kahit siya ay isang Claimant o hindi, at kahit siya ay makatanggap man o hindi ng Indibidwal na Bayad mula sa Kasunduan, ay tatalikuran ang lahat ng uri ng mga claims at batayan ng legal na aksyon na may kaugnayan sa sahod at oras ng trabaho, kilala man o hindi, sa ilalim ng batas o equity, at maaaring nagmula sa common law, pederal, estado, at/o lokal na batas, estatuto, ordinansa, regulasyon, o anumang iba pang pinagmumulan ng batas, kabilang ang North Carolina Wage and Hour Act, N.C. Gen. Stat. § 95-25.1, et seq. (ang "North Carolina Wage Act"), ngunit hindi kabilang ang Fair Labor Standards Act, 29 U.S.C. § 201, et seq., na isinampa o maaaring naisampa ng mga Miyembro ng Putative Rule 23 Settlement Class at mga Miyembro ng Putative FLSA Collective sa kasong ito laban sa mga Released Parties. Kasama rito, ngunit hindi limitado sa, mga claims na nag-ugat, nagmula, o may kaugnayan sa mga katotohanan at kalagayang isinasaad sa Complaint o Amended Complaint, pati na ang lahat ng paghahabol, demanda, karapatan, pananagutan, at/o legal na batayan na may kaugnayan sa sahod at oras ng trabaho sa anumang anyo o paglalarawan, gaya ng sahod, bonus, komisyon, bayad sa overtime, bayad sa bakasyon, bayad sa paghinto sa trabaho, at lahat ng kaugnay na pinsala, gastos, multa, liquidated damages, punitive damages, interes, bayad sa abogado, gastos sa paglilitis, restitution, equitable relief, o anumang iba pang kabayarang may kaugnayan sa umano'y kabiguang bayaran ang lahat ng nararapat na sahod o kompensasyon, o tamang pagtatala o pagkredito ng oras ng trabaho. Ito ay partikular na sumasaklaw sa anumang claims ukol sa umano'y hindi makatarungan at/o maling (1) kabiguang bayaran ang sahod para sa lahat ng oras na trinabaho; (2) kaltas mula sa kompensasyon at/o sahod; (3) kabiguang bayaran ang minimum na sahod; (4) kabiguang kalkulahin at/o bayaran ang overtime; (5) kabiguang bayaran ang lahat ng perang nararapat para sa trabahong isinagawa, maging ito man ay paglabag sa tahasang kontrata o kasunduan sa paggawa, implicit contract, o assumpsit, o paglabag sa mga doktrina ng quantum meruit/unjust enrichment, panlilinlang, kapabayaang maling representasyon, equitable estoppel, promissory estoppel, o conversion; (6) kabiguang panatilihin at itala ang mga rekord alinsunod sa mga naaangkop na batas sa sahod at oras; (7) kabiguang magbigay ng mga benepisyo o iba pang halaga sa ilalim ng anumang plano, programa, o kasunduan sa kompensasyon o benepisyo batay sa umano'y kabiguang bayaran ang sahod, kabilang ang minimum wage o overtime; at (8) paghihiganti sa pagrereklamo tungkol sa mga umano'y paglabag sa batas sa sahod at oras ng trabaho. Ang pagpapalayang tinutukoy sa talatang ito ay sumasaklaw sa lahat ng pederal, estado, at lokal na statutory claims at common law claims na may kaugnayan sa oras ng trabaho at hindi nabayarang sahod, ngunit hindi kabilang ang mga claims sa ilalim ng FLSA o iba pang mga claims na ayon sa batas ay hindi maaaring isuko.

Bilang karagdagan sa pagpapalayang nakasaad sa itaas, ang bawat Miyembro ng Putative FLSA Collective na magsusumite ng Claim Form, at sa gayon ay magiging karapat-dapat na makatanggap ng Indibidwal na Bayad mula sa Kasunduan, ay tatalikuran din ang lahat ng uri ng mga claims at batayan ng legal na aksyon na may kaugnayan sa sahod at oras ng trabaho, kilala man o hindi, sa ilalim ng batas o equity, sa ilalim ng Fair Labor Standards Act, 29 U.S.C. § 201, et seq., na isinampa o maaaring naisampa ng mga Miyembro ng Putative Rule 23 Settlement Class at mga Miyembro ng Putative FLSA Collective sa kasong ito laban sa mga Released Parties. Kabilang dito, ngunit hindi limitado sa, mga claims na nag-ugat, nagmula, o may kaugnayan sa mga katotohanan at kalagayang binanggit sa Complaint o Amended Complaint, at kabilang ang lahat ng claims, demanda, karapatan, pananagutan, at/o legal na batayan na may kaugnayan sa sahod at oras ng trabaho sa anumang anyo o paglalarawan, gaya ng sahod, bonus, komisyon, bayad sa overtime, bayad sa bakasyon, bayad sa paghinto sa trabaho, at lahat ng kaugnay na pinsala, gastos, multa, liquidated damages, punitive damages, interes, bayad sa abogado, gastos sa paglilitis, restitution, equitable relief, o anumang iba pang kabayarang may kaugnayan sa umano'y kabiguang bayaran ang lahat ng nararapat na sahod o kompensasyon, o tamang pagtatala o pagkredito ng oras ng trabaho. Saklaw din nito ang lahat ng claims

sa ilalim ng FLSA na may kaugnayan sa umano'y hindi makatarungan at/o maling (1) kabiguang bayaran ang sahod para sa lahat ng oras na trinabaho; (2) kaltas mula sa kompensasyon at/o sahod; (3) kabiguang bayaran ang minimum na sahod; (4) kabiguang kalkulahin at/o bayaran ang overtime; (5) kabiguang bayaran ang lahat ng perang nararapat para sa trabahong isinagawa, maging ito man ay paglabag sa hayag na kontrata o kasunduang kolektibo, implicit contract, o assumpsit, o paglabag sa mga doktrina ng quantum meruit/unjust enrichment, panlilinlang, kapabayaang maling representasyon, equitable estoppel, promissory estoppel, o conversion; (6) kabiguang panatilihin at itala ang mga rekord alinsunod sa mga naaangkop na batas sa sahod at oras; (7) kabiguang magbigay ng mga benepisyo o iba pang halaga sa ilalim ng anumang plano, programa, o kasunduan sa kompensasyon o benepisyo batay sa umano'y kabiguang bayaran ang sahod, kabilang ngunit hindi limitado sa minimum wage o overtime; at (8) paghihiganti sa pagrereklamo tungkol sa mga umano'y paglabag sa batas sa sahod at oras ng trabaho. Ang pagpapalayang tinutukoy sa talatang ito ay sumasaklaw sa lahat ng mga claims batay sa FLSA ngunit hindi kabilang ang anumang iba pang mga claims na ayon sa batas ay hindi maaaring isuko.

## CLASS COUNSEL AT KABAYARAN PARA SA CLASS COUNSEL, MGA PINANGALANANG NAGSASAKDAL, AT MGA SETTLEMENT ADMINISTRATOR

### 7. Sino ang Class Counsel?

Para sa layunin ng kasunduan, itinalaga ng Hukuman ang mga sumusunod na abogado bilang Class Counsel:

Gilda Adriana Hernandez, Esq.
Hannah B. Simmons, Esq.
Matthew S. Marlowe, Esq.
**THE LAW OFFICES OF GILDA A. HERNANDEZ, PLLC**
215 S. Academy Street
Cary, NC 27511
(919) 741-8693
ghernandez@gildahernandezlaw.com
hsimmons@gildahernandezlaw.com
mmarlowe@gildahernandezlaw.com
**www.gildahernandezlaw.com**

Maaari mong kontakin ang Class Counsel kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa kasong ito. Hindi mo kailangang kumuha ng sarili mong abogado dahil ang Class Counsel ay kumikilos para sa iyong kapakanan. Gayunpaman, maaari kang pumili na kumuha ng sarili mong abogado, ngunit ikaw ang sasagot sa lahat ng gastos nito.

### 8. Humihiling Ba ng Bayad ang mga Abogado para sa Serbisyo, Gastos, at Iba Pang Gastusin?

Oo. Hihilingin ng Class Counsel sa Hukuman na aprubahan ang kabayaran na hanggang isang-katlo ng Kabuuang Halaga ng Kasunduan ($2,420,000.00) bilang kabayaran sa kanilang serbisyo sa kasong ito at upang masakop ang mga gastusin sa paglilitis. Maaaring magpasya ang Hukuman na ibigay ang mas mababang halaga kaysa sa hinihingi. Gagawin ng Hukuman ang pinal na desisyon tungkol sa pagiging makatarungan ng kahilingan ng Class Counsel sa final fairness hearing. Ang bayad sa mga abogado, gastos, at iba pang gastusin ay hindi ibabawas mula sa iyong Indibidwal na Bayad mula sa Kasunduan, ngunit ang iyong kaukulang bahagi sa bayad ng mga abogado ay ituturing bilang kita at itatala sa I.R.S. Form 1099-Misc. Ang bayad at gastos ng Class Counsel ay ibabawas mula sa Kabuuang Halaga ng Kasunduan bago kalkulahin ang iyong bayad.

### 9. Makakatanggap ba ng Karagdagang Bayad ang mga Pinangalanang Nagsasakdal?

Oo, kung ito ay aaprubahan ng Hukuman. Bawat Pinangalanang Nagsasakdal ay hihiling sa Hukuman na aprubahan ang Service Award na halagang $15,000.00 para sa kanilang sarili, bilang pagkilala sa kanilang kooperasyon at ambag sa pagsasampa ng kasong ito sa ngalan ng kanilang sarili at ng iba pang sinasabing nasa kaparehong kalagayan, at sa pagbibigay sa mga Inirereklamo ng pangkalahatang pagpapalaya sa lahat ng posibleng claims nila. Maaaring tanggihan ng Hukuman ang halagang ito o mag-award ng mas mababa. Gagawin ng Hukuman ang pinal na desisyon hinggil sa Service Payment para sa mga Pinangalanang Nagsasakdal sa Final Approval Hearing. Ang mga Service Award ay ibabawas mula sa Kabuuang Halaga ng Kasunduan bago kalkulahin ang anumang posibleng bayad na matatanggap mo.

### 10. Paano Binabayaran ang mga Gastusin ng Settlement Administrator?

Ang mga gastusin para sa pamamahala ng Kasunduang ito ay babayaran mula sa Kabuuang Halaga ng Kasunduan bago pa man kalkulahin ang anumang posibleng bayad na maaaring matanggap mo.

## MGA OPSYON TUNGKOL SA KASUNDUAN – MAGPASA NG CLAIM FORM

### 11. Paano Ako Makakatanggap ng Bayad?

Upang makatanggap ng bayad mula sa kasunduan, kailangan mong kumpletuhin at lagdaan nang nasa tamang oras ang Claim Form at isauli ito sa Settlement Administrator sa pamamagitan ng U.S. Mail gamit ang sobre na may bayad na selyo na kasama sa Paunawang ito.

Upang ito ay maituring na nasa takdang oras, ang anumang nakumpletong form na isasauli sa Settlement Administrator sa pamamagitan ng U.S. Mail ay dapat may petsang selyo ng koreo na hindi lalampas sa October 1, 2025**.**

Kung mawala, maipawala, o kailangan mong humingi ng panibagong Claim Form, maaari mong kontakin ang Settlement Administrator sa telepono sa 1-(888) 330-3975 upang humiling ng bagong kopya.

### 12. Magkano ang Inaasahan Kong Matatanggap?

Kung aaprubahan ng Hukuman ang kasunduan, ang iyong bayad mula sa kasunduan ay kakalkulahin batay sa mga petsa ng iyong pagtatrabaho at iba pang detalye ng payroll na ibinigay ng Mountaire. Upang malaman ang eksaktong halaga ng iyong makukuhang bayad, mangyaring makipag-ugnayan sa Settlement Administrator sa telepono sa 1-(888) 330-3975.

Ang bawat bayad mula sa kasunduan ay hahatiin sa dalawang bahagi: 50% ay ilalaan para sa mga claims na nauugnay sa pinsalang dulot ng hindi nabayarang sahod, at ang natitirang 50% ay ilalaan para sa mga claims na nauugnay sa liquidated damages at iba pang kabayaran. Ang bahagi na inilaan para sa mga claims na may kaugnayan sa hindi nabayarang overtime at iba pang pinsalang may kaugnayan sa sahod ay sasailalim sa lahat ng awtorisado o kinakailangang kaltas, tulad ng karaniwang sahod na binabayaran sa isang regular na payroll. Ang bahagi na inilaan para sa mga claims sa sahod ay irereport sa isang I.R.S. Form W-2. Ang bahagi na inilaan para sa liquidated damages at iba pang kabayaran ay ituturing bilang hindi sahod na kita at irereport sa isang I.R.S. Form 1099, kung naaangkop.

### 13. Kailan Ko Matatanggap ang Aking Bayad?

Gayunpaman, bago maging epektibo ang kasunduan, ang mga miyembro ng settlement class ay kailangang bigyan ng sapat na panahon upang maghain ng pagtutol o humiling ng pagbubukod. Dapat ding magsagawa ng pagdinig ang Hukuman upang suriin ang pagiging makatarungan ng kasunduan at magbigay ng pinal na pag-apruba, at kailangan ding maresolba ang anumang apela sa kautusan ng Hukuman ukol sa pinal na pag-apruba. Mangyaring maghintay nang may pasensya.

Mangyaring bantayan ang iyong mail para sa tseke at ipapalit ito sa bangko kapag natanggap mo na ito. **Mayroon kang 180 araw mula sa petsa ng pag-isyu ng tseke upang ito ay ma-encash. Mawawalan ng bisa ang tseke pagkatapos ng 180 araw.**

## MGA OPSYON TUNGKOL SA KASUNDUAN – PAGBUBUKOD NG IYONG SARILI SA KASUNDUAN

### 14. Paano Ko Ibubukod ang Aking Sarili sa Kasunduan?

Bilang isang Miyembro ng Rule 23 Settlement Class, kung ayaw mong lumahok sa Kasunduan, maaari kang humiling na ibukod ang iyong sarili. Kung pipiliin mong ibukod ang iyong sarili sa kasunduang ito, hindi ka papayagang maghain ng pagtutol sa kasunduan. Ang huling araw para mag-opt out ay October 1, 2025. Kung ikaw ay nagsumite na ng consent to join sa kasong *Jacinto Gomez Ovando et al v. Mountaire Farms, Inc., et al.*, CA No.: 7:23-cv-00004-M-RJ, hindi ka na maaaring mag-opt out sa kasunduang ito. Ang deadline na ito ay pinal, at anumang form na walang petsang selyo ng koreo o hindi naisumite bago ang deadline ay hindi tatanggapin. **KUNG IBUBUKOD MO ANG IYONG SARILI SA KASUNDUAN, HINDI KA MAKAKATANGGAP NG ANUMANG BAYAD.**

Upang ibukod ang iyong sarili, kailangan mong magsumite ng isang nakasulat na pahayag sa Settlement Administrator na tahasang nagsasaad na nais mong maibukod sa kasunduan. Ang ganitong kahilingan ay dapat lagyan sa itaas ng pahayag ng pamagat na "Request for Exclusion from Settlement in *Jacinto Gomez Ovando et al. v. Mountaire Farms, Inc., et al.*" Siguraduhing isama ang iyong buong pangalan, address, numero ng telepono, at pirma. Ang lahat ng nakasulat na kahilingan para sa pagbubukod ay dapat ipadala sa pamamagitan ng First-Class U.S. Mail, at dapat may petsang selyo ng koreo na hindi lalampas sa October 1, 2025 sa:

Settlement Administrator
c/o CPT Group, Inc.
50 Corporate Park,
Irvine, CA 92606
Email: GomezOvandoNCChickenProcessingLawsuit@cptgroup.com
Website: www.GomezOvandoNCChickenProcessingLawsuit.com

Hindi ka maaaring magpabukod sa pamamagitan ng telepono o e-mail. Kung hindi mo maisusumite sa tamang oras ang lahat ng kinakailangang impormasyon, o kung hindi ka makapagsusumite sa itinakdang panahon, mananatili kang miyembro ng Rule 23 Settlement Class at masasaklaw ng anumang pinal na desisyon ng Hukuman.

Kung ikaw ay nakapaghain ng balido at napapanahong kahilingan ng pagbubukod, hindi ka masasaklaw ng anumang pinal na desisyon ng Hukuman, at hindi ka rin mapipigilang magsampa o ituloy ang anumang indibidwal na claims na maaaring mayroon ka laban sa Mountaire sa ilalim ng NCWHA. Gayunman, maaaring makaapekto pa rin sa iyong kakayahang magsampa ng bagong kaso ang mga batas ukol sa prescriptive periods (statutes of limitations).

## PAGTUTOL SA KASUNDUAN

### 15. Paano Ako Tututol o Sasabihin sa Hukuman na Hindi Ko Gusto ang Kasunduan?

Pakitandaan na maaari ka lamang maghain ng pagtutol sa Kasunduan kung hindi ka humiling ng pagbubukod sa Kasunduan. Bilang isang Miyembro ng Rule 23 Settlement Class, maaari kang tumutol sa mga probisyon ng Kasunduan, ang kahilingan ng Class Counsel para sa bayad ng abogado, mga gastos, at iba pang singil, at/o ang kahilingan ng Pinangalanang Nagsasakdal para sa Service Awards. Kung maghain ka ng pagtutol at ang Kasunduan ay maaprubahan, hindi ka na maaaring magsampa ng sarili mong kaso na may kaugnayan sa mga usaping sakop ng kasunduang ito, at ikaw ay masasaklaw ng pinal na hatol at pagpapalaya, pati ng lahat ng kautusan ng Hukuman. Kung ikaw ay tututol, maaari kang kumuha ng abogado upang katawanin ka, ngunit hindi ito kinakailangan. Kung pipiliin mong kumuha ng sarili mong abogado, ikaw ang sasagot sa lahat ng bayad sa abogado, gastos, at iba pang singil.

Upang makapaghain ng pagtutol, kailangan mong magsumite ng isang nakasulat na pahayag sa Hukuman, sa Class Counsel, at sa abogado ng Mountaire, na nagpapaliwanag ng iyong mga dahilan kung bakit ka tutol sa ipinanukalang kasunduan. Sa itaas ng iyong pahayag, dapat ilagay ang pamagat at case number ng kasong ito: *Jacinto Gomez Ovando et al v. Mountaire Farms, Inc., et al.*, CA No.: 7:23-cv-00004-M-at dapat din nitong isama ang iyong pangalan, address, at isang detalyadong pahayag ng batayan para sa bawat pagtutol na iyong inihahain. Dapat mo ring ilahad kung ikaw ay may kinatawang abogado, at kung meron man, ang pangalan at address ng iyong abogado. **Kailangan mong ipadala ang mga kopya ng iyong pagtutol sa Hukuman, sa Class Counsel, at sa abogado ng Mountaire (sa mga address na nakasaad sa ibaba), at ang mga ito ay dapat may petsang selyo ng koreo na hindi lalampas sa October 1, 2025**:

**ANG HUKUMAN**
Clerk of Court
U.S. District Court for the
Eastern District of North Carolina
PO Box 25670
Raleigh, NC 27611

**ABOGADO PARA SA MGA INIREREKLAMO**
Joshua Waxman
**LITTLER MENDELSON, P.C.**
815 Connecticut Avenue, NW, Suite 400
Washington, DC 20006-4046

Michael S. McIntosh
**LITTLER MENDELSON, P.C.**
1800 Tysons Blvd., Suite 500
Tysons Corner, VA 22102

Jerry H. Walters, Jr.
**LITTLER MENDELSON, P.C**
620 South Tryon Street, Suite 950
Charlotte, NC 28202
*Mga Abogado para sa mga Inirereklamo*

**CLASS COUNSEL**
Gilda A. Hernandez, Esq.
Hannah B. Simmons, Esq.
Matthew S. Marlowe, Esq.
**THE LAW OFFICES OF GILDA A. HERNANDEZ, PLLC**
215 S. Academy Street
Cary, NC 27511
*Mga Abogado para sa mga Nagsasakdal*

Kung ikaw ay magsusumite ng nakasulat na pagtutol sa tamang oras, maaari kang (ngunit hindi kinakailangan) dumalo sa Pagdinig para sa Pagpapatunay ng Katarungan (Fairness Hearing) na inilalarawan sa Seksyon 20, alinman sa personal o sa pamamagitan ng sarili mong abogado.

Ang mga Miyembro ng Rule 23 Settlement Class na hindi makapaghain ng pagtutol sa tamang paraan o sa loob ng itinakdang panahon ay ituturing na tumalima sa pagsuko ng karapatang tumutol at hindi na magkakaroon ng karapatang umapela sa pag-apruba ng Kasunduan o magsalita sa Final Approval Hearing.

Maaaring isaalang-alang ng Hukuman ang anumang pagtutol na naipasa sa tamang panahon. Gayunpaman, hindi nito awtomatikong nangangahulugan na kikilos ang Hukuman batay sa iyong pagtutol. Kung pag-isipan man ng Hukuman at tanggihan ang iyong pagtutol, ikaw ay mananatiling sakop ng mga tuntunin ng Kasunduan at ng Pagpapalaya ng mga Claims na inilalarawan sa Seksyon 6 sa itaas.

### 16. Kung Ako ay Tututol, Kailangan Ko Bang Magsumite ng Claim Form?

Depende. Kung balak mong tutulan ang kasunduan ngunit nais mo pa ring makatanggap ng bayad mula sa kasunduan, kailangan mong magsumite sa tamang oras ng kinakailangang claim form na inilarawan sa Seksyon 9 sa itaas. Kung aprubahan ng Hukuman ang kasunduan sa kabila ng iyong pagtutol, at hindi ka nakapagsumite sa takdang oras ng kinakailangang form upang makatanggap ng bayad, hindi ka makakatanggap ng bayad mula sa kasunduan (maliban na lamang kung dati ka nang nagsumite ng consent to join sa isa sa mga kaso).

### 17. Ano ang Pagkakaiba ng Pagtutol at Pagbubukod?

Ang pagtutol ay ang pagsasabi sa Hukuman na hindi mo gusto ang isang bahagi ng kasunduan. Maaari ka lamang maghain ng pagtutol kung mananatili kang bahagi ng kasunduan. Samantala, kung ibinukod mo ang iyong sarili sa kasunduan, sinasabi mo sa Hukuman na ayaw mong maging bahagi ng kasunduan. Kung humiling ka na maibukod mula sa kasunduan, wala ka nang batayan upang tutulan ang kasunduan, dahil hindi ka na maaapektuhan ng kaso.

## MGA PAGPIPILIAN TUNGKOL SA KASUNDUAN – WALA KANG GAGAWIN

### 18. Ano ang Mangyayari Kung Wala Akong Gawin?

May karapatan kang huwag gawin ang anuman. Gayunpaman, kung wala kang gagawin at hindi ka dating nagsumite ng "consent to join" sa kaso na *Jacinto Gomez Ovando et al v. Mountaire Farms, Inc., et al.*, CA No.: 7:23-cv-00004-M-RJ, hindi ka makakatanggap ng anumang pera mula sa kasunduang ito. Gayunman, mananatili kang saklaw ng pagpapalayang tinutukoy sa Seksyon 6 sa itaas.

## ANG PAGDINIG NG HUKUMAN TUNGKOL SA KATARUNGAN NG KASUNDUAN

### 19. Kailan at Saan Magpapasya ang Hukuman Kung Aaprubahan ang Kasunduan?

Isang Huling Pagdinig ng Pag-apruba (na tinatawag ding "fairness hearing") ang isasagawa ng Hukuman para sa kasunduang ito sa **November 3, 2025 at 2:00 p.m.** Gaganapin ang pagdinig sa Courtroom #1, of the U.S. District Court for the Eastern District of North Carolina Alton Lennon Federal Courthouse, 2 Princess Street, Wilmington, NC 28401, sa pangunguna ni Judge Richard E. Myers, Are II. Sa pagdinig na ito, isasaalang-alang ng Hukuman kung ang iminungkahing Kasunduan—kabilang ang bayad, gastos, at iba pang bayarin para sa mga Class Counsel at anumang Service Awards para sa mga Pinangalanang Nagsasakdal (Named Plaintiffs)—ay makatarungan, makatwiran, at sapat, at kung ito ba ay dapat aprobahan. Maaari ring agad o pagkatapos ng pagdinig ay magpasya ang Hukuman kung bibigyan ng pinal na pag-apruba ang kasunduan. Hindi pa tiyak kung gaano katagal bago maglabas ng desisyon. Maaaring magbago ang petsa at oras ng pagdinig nang walang karagdagang abiso.

### 20. Kailangan Ko Bang Dumalo sa Pagdinig?

Hindi. Hindi mo kailangang dumalo sa pagdinig na ito. Sasagutin ng mga Class Counsel ang anumang katanungan ng Hukuman tungkol sa Kasunduan. Maaari ka ring magbayad ng sarili mong abogado upang dumalo sa pagdinig, ngunit hindi ito kinakailangan.

Kung may mga nakasulat na pagtutol sa Kasunduan, maaaring isaalang-alang ito ng Hukuman sa oras ng pagdinig. Kung magsusumite ka ng pagtutol, hindi mo kailangang dumalo sa hukuman upang ipaliwanag ito, maliban kung gusto mo. Gayunpaman, maaaring pakinggan ng Hukuman ang mga tumutol sa tamang oras at humiling na magsalita sa Huling Pagdinig ng Pag-apruba.

### 21. Maaari Ba Akong Magsalita sa Pagdinig?

Kung ikaw ay nagsumite ng balidong pagtutol sa tamang oras, maaari kang humiling ng pahintulot sa Hukuman na magsalita sa pagdinig tungkol sa kasunduan. Upang gawin ito, kailangan mong magpadala ng liham na nagsasabing ito ay ang iyong "Notice of Intention to Appear at Hearing on Final Approval of Class Settlement in *Jacinto Gomez Ovando et al. v. Mountaire Farms, Inc., et al*." Siguraduhing ilagay ang iyong buong pangalan, address, numero ng telepono, at lagda. Ang iyong paunawa ng intensyong dumalo ay kailangang may petsang selyo ng koreo (postmarked) na hindi lalampas sa **October 1, 2025,** at ipadala sa Clerk of Court, Class Counsel, at mga Abogado para sa Mountaire sa mga address na binanggit sa Seksyon 15 sa itaas. Karaniwang hindi pinapayagan ng Hukuman na magsalita sa pagdinig ang mga indibidwal na nag-opt out sa kasunduan.

## WALANG PAGHIHIGANTI O DISKRIMINASYON

### 22. Kung Ako ay Kasalukuyang Empleyado ng mga Nasa Panig ng Depensa at Pinili Kong Lumahok sa Kasunduang Ito, Ako ba ay Protektado laban sa Posibleng Paghihiganti?

Oo. Labag sa batas para sa isang employer na maghiganti o magdiskrimina laban sa isang empleyado na pumiling lumahok sa kasunduang ito. Ang "Mountaire" ay hindi magdidiskrimina o maghihiganti laban sa iyo sa anumang paraan dahil sa iyong desisyon na lumahok o hindi sa kaso o sa kasunduang ito.

## KARAGDAGANG IMPORMASYON

### 23. Mayroon Pa Bang Higit Pang Detalye Tungkol sa Kasunduan?

Oo. Ang Paunawang ito ay buod lamang ng mga pangunahing termino ng iminungkahing kasunduan. May karagdagang impormasyon na makukuha sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa settlement administrator at/o sa mga Class Counsel. Tingnan ang Seksyon 7 sa itaas.

Para sa karagdagang impormasyon, maaari kang makipag-ugnayan sa Settlement Administrator sa numerong toll-free na 1-(888) 330-3975; sumulat sa *Jacinto Gomez Ovando et al v. Mountaire Farms, Inc., et al.* Settlement Administrator, c/o CPT Group, Inc., 50 Corporate Park, Irvine, CA 92606, o bumisita sa website na www.GomezOvandoNCChickenProcessingLawsuit.com. Bukod pa rito, tingnan ang Seksyon 7 para sa impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa mga Class Counsel.

**WALANG MGA TANONG UKOL SA KASUNDUANG ITO ANG DAPAT IPAHAYAG SA HUKUMAN, SA CLERK, SA MOUNTAIRE, O SA MGA ABOGADO NITO.**

Kung nais mong palitan ang iyong pangalan o address para sa mga susunod na sanggunian o pagpapadala ng sulat, mangyaring ipaalam ito sa settlement administrator. Maaari mo itong gawin sa pamamagitan ng pagpapadala ng liham sa:

*Jacinto Gomez Ovando et al v. Mountaire Farms, Inc., et al.*
Settlement Administrator
c/o CPT Group, Inc.
50 Corporate Park
Irvine, CA 92606
Email: GomezOvandoNCChickenProcessingLawsuit@cptgroup.com
Website: www.GomezOvandoNCChickenProcessingLawsuit.com